Serbisyong Pagsubok

Deskripsyon ng Serbisyo

Ang serbisyong pagsubok ay isang programa na batay sa komunidad kung saan, sa pamamagitan ng Ordinansa sa Pagsubok ng mga Nagkasala (Probation of Offenders Ordinance(Chapter 298), ang isang nagkasala ay inilalagay sa pangangalaga ayon sa batas sa isang probation officer (PO) sa loob ng 1 o 3 taon

Ang pangunahing pakay ng serbisyong pagsubok ay tulungan ang mga nagkasala na muling makihalubilo sa komunidad bilang isang mabuting mamamayan na sumusunod sa batas..

Layunin

Ang layunin ng serbisyong pagsubok ay -

(a) para makapagbigay ng mungkahi sa korte na angkop na sa nagkasala ang malagay siya sa kautusang pagsubok.

(b) para maipatupad ang kautusan ng korte sa pagamot at sa pagpapanibagong buhay ng mga nagkasala at malagay sila sa pangangalaga ng taga-pagsubok.

(c) para tulungan ang mga taga-pagsubok sa kanilang positibong pagbabago sa kilos at paguugali

(d) para pataasin ang kanilang abilidad na kayahin ang hamon ng buhay at maiwasan ang magkasalang muli.

(e) para pagtibayin ang suporta ng pamilya sa pagpapatuloy ng pagbabagong-buhay

(f) para gamitin ang kayamanang nasa komunidad para matustusan ang pangangailangan ng mga nagkasala sa utos ng korte at kung kinakailangan, pati na rin ang pangangailangan ng miyembro ng kanilang pamilya.

* Uri ng Serbisyo

(a) Sa pagsiserbisyo sa korte at sa mga taong sangkot, ang POs ay naghahanda ng ulat bago ang paghatol kasama ang ulat ng Probation Officer, ulat na naaangkop sa Kautusang Serbisyo sa Komunidad (CSO), ulat mula sa taga-pagsubokna nagsasaad ng pagpapakabuti ng nagkasala at ulat mula sa social welfare sa mga matagal ng nakakulong at mga kasong may petisyon.

(b) Kasama ng serbisyong ipinagkakaloob ng taga-pagsubok ay ang pangangasiwa sa mga nagkasala ng naaayon sa batas, personal na paggabay at pagpapayo sa pamilya sa pamamagitan ng regular na panayam, pagbisita sa tahanan, grupong trabaho at iba pang gawain sa panahon ng pagsubok.

(c) Kung saan angkop, ang mga may sala, taga-pagsubok at ang miyembro ng kanilang pamilya ay isinasangguni sa mga aprobadong institusyon na pinatatakbo ng Departamento o tahanan para sa mga bata at kabataang may problemang emosyonal/pag-uugali na pinatatakbo ng mga organisasyong hindi pang-gobyerno, magkakaugnay na yunit o ahensiya sa panggagamutang saykolohiya. serbisyong pangkawanggawa at iba pang serbisyo tulad ng boluntaryong panukala sa mga taga-pagsubok .

* Grupong Tinututukan

Ang grupong tinututukan ay mga nagkasala na

* tinukoy ng korte upang siyasatin para sa usaping panlipunan
* pinag-utos ng korte na ilagay sa pamamahala ng taga-pagsubok
* nakatapos ng kautusang pagsubok at nakahandang tumanggap ng boluntaryong pamamahala na hindi hihigit sa 3 buwan
* kasalukuyang nakakulong at naglulunsad ng petisyon o muling pag-aaralan ang kaso
* tinukoy ng korte para sa tulong pangkawanggawa o iba pang ulat na propesyonal

Listahan ng mga Tanggapan ng Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa KoKomunidad

May pitong (7) Tanggapan ng Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad (PCSOs) at Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa Pagsubok (HC&DCPO) na nagsisilbi sa pitong Korte ng Mahistrado. Korte ng Distrito at ang Mataas na Hukuman (ito ay ang Hukumang Unang Dulugan at Hukuman sa Paghahabol) . Ang adres at listahan ng telepono ng HC&DCPO at ang pitong PCSOs ay maaring kunin dito.

Oras ng Trabaho

(Lunes hanggang Biyernes) : 8:45 a.m. to 6:00 p.m.

Sarado tuwing Sabado, Linggo at Bakasyong Publiko

# <u>Listahan ng Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa Pagsubok at Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad</u>

| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad | Adres | Telepono | Fax |
|---|---|---|---|
| Tanggapan ng Mataas na Hukuman at Korte ng Distrito sa Pagsubok | Room 335, 3/F., Wan Chai Tower I, 12 Harbour Road, Hong Kong | 2582 4025 | 2582 4017 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Eastern | Room 1226, 12/F, Eastern Law Courts Building, 29 Tai On Street, Sai Wan Ho, Hong Kong | 2151 8142 | 2572 9214 |
| | Room 1212-1214, 12/F, Eastern Law Court Building, 29 Tai On Street, Sai Wan Ho, Hong Kong | 2546 7973 | 2975 4613 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Kowloon City | Room 404, 4/F, Kowloon City Law Courts Building, 147M Argyle Street, Kowloon | 2767 3143 | 2350 6207 |
| | 11/F., To Kwa Wan Government Offices, 165 Ma Tau Wai Road, Kowloon | 2349 4931 | 2775 0548 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Kwun Tong | 8/F., Kowloon East Government Offices Building, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon | 2349 5700 | 2775 2027 |
| | 7/F., Kowloon East Government Offices Building, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon | 2782 1727 | 2374 4057 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Shatin | Room 801, 8/F, Shatin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Shatin, N.T. | 2158 6711 | 2697 9652 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Fanling | Room 325, 3/F, Fanling Law Courts Building, 1 Pik Fung Road, Fanling, N.T. | 2682 7573 | 2682 2916 |
| | Room 415, 4/F., North District Government Offices, 3 Pik Fung Road, Fanling, N.T. | 3427 3661 | 2682 9351 |
| Tanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa West Kowloon | 2/F, Tower A, West Kowloon Law Courts Building, No. 501, Tung Chau Street, Sham Shui Po, Kowloon | 3467 2333 | 2944 9946 |
| TTanggapan sa Pagsubok at Kautusang Serbisyo sa Komunidad sa Tuen Mun | 4/F., Tuen Mun Government Offices, 1 Tuen Hi Road, Tuen Mun, N.T. | 2451 3123 | 2404 1161 |